



OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SEYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG  
ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 07 HULYO 1997, IKA-9:00  
NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis - Tagapangulo  
Kagawad Cesar T. Baticos  
Kagawad Ferdinand V. Talera  
Kagawad Angeles D. Bautista  
Kagawad Ramil O. Dimapilis  
Kagawad Jesus S. Dela Cruz  
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.  
Kagawad Honesto O. Taytay  
Kagawad Eduardo O. Villamin - ABC President  
Kagawad Randy P. Valencia - SK Chairman

Hindi Nakadalo:

Kagawad Ramulfo C. Bernal

KAPASYAHAN BIG. 050  
Taong 1997

KAPASYAHANG NAGPAPALAT NG TAUSPUSONG PAKI-  
KIRAMAY AT PAKIKIDALAMIATI SA MGA NAULILA  
NG YUMAONG NAGING KAGAWAD NG SANGGUNIANG  
BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO, KGG.  
NORBERTO Q. PAZ, SR.

SAPAGKA'T, ang pagpanaw sa daigdig ng isang naging kasama sa ga-  
wain sa paglilingkod sa bayan ay isang pangyayaring iki-  
nalulungkot at dinararaman ng mga naiwang kasamahan at  
kaibigan;

SAPAGKA'T, si Kgg. NORBERTO Q. PAZ, SR. ay isang masipag at matapat  
na lingkod-bayan na sa panahon ng kanyang panumungkulan  
bilang Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Roxas ay nagpa-  
nalas ng dedikasyon at pagmamahal sa gawain at sa pagli-  
lingkod para sa kabutihan ng mga mamamayan;

SAPAGKA'T, bilang isang Kagawad ipinakita niya ang buo at tapang  
ng loob sa pagsuporta at pagtatanggol sa mga gawaing  
nagseabatas at naglalayong paunlarin at itaguyod ang  
kapakanan ng nakararaming mamamayan;

SAPAGKA'T, si NORBING, tulad ng tawag sa kanya ng mga kakilala't  
kaibigan ay nag-ukol din ng matagal na panahon para sa  
mga gawaing pagsasanay para sa ispirituwal at moral na  
pag-unlad ng mga kabataan, naging mapagkandiling takbu-  
han at tagapayo ng mga ito na nakatulong nang malaki sa  
pagmumulat sa kabutihan ng mga murang kaisipan;

SAPAGKA'T, si NORBING ay naging isang nabuting pastor hindi  
lamang sa mga kabataan kundi higit sa kanyang pamilya,  
bilang isang ulirang ama at asawa, isang nabuting anak  
at kapatid, kung saan ang kanyang paglisan ay lubhang  
dinararaman ng mga naiwan;

*[Handwritten signature]*

*[Handwritten signature]*

*[Handwritten signature]*

SAPAKKA'T, ang Sangguniang Bayan ng bayang ito, ang mga namamuno at mga kawani ay lubos na nagpapahayag ng pagkilala at pasasalamat sa lahat ng mga kabutihan at paglilingkod ni Kgg. NORBERTO Q. PAZ, SR. sa mga namamayan ng bayang ito kasabay ng pagpapasabot ng tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati sa kanyang mga naulila.


DAHIL DIETO, sa munglahi ni Kagawad Ferdinand V. Talons na sinang-ayunan ng lahat =

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na ipasabot ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati sa mga naulila ng yungkong naging Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro, Kgg. NORBERTO Q. PAZ, SR.


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa maybahay, mga anak at mga kaanak ng namayapang Kgg. NORBERTO Q. PAZ, SR. kabilang ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinatibay: 28 Hulyo 1997

PINATUTUNAYANG WASTO:


  
VIOLETA P. FUENTES  
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:

  
JESUS M. DIMAPILIS  
Pangalawang Punong Bayan/  
Tagapangulo

PINACTIBAY:

Received: -   
8/01/97

  
GERACIO I. MASON  
Punong Bayan

taff/072997